# Kataga ng Buhay

Disyembre 2019

**“Kaya’t magbantay kayo, sapagkat hindi ninyo alam kung anong araw paririto ang inyong Panginoon.”**
**(Mt 24:42)**

Sa bahaging ito ng Ebanghelyo ni Mateo, inihahanda ni Hesus ang mga alagad sa Kanyang huling pagbabalik bagama’t walang nakababatid kung kailan ito mangyayari at ikakagulat na lamang nila.

Kahit na sa makasaysayang panahong iyon, marami ang mga digmaan, problema at lahat ng uri ng paghihirap. Umaasa ang mga Israelita na mamamagitan ang Panginoon at patitigilin ang kanilang pagtangis. Kaya’t ang paghihintay ay hindi dahilan para sila ay masindak, bagkus ay kaginhawahan tulad ng panahon ng kaligtasan.

Ipinapakita sa atin ni Hesus ang isang dakilang sikreto: isabuhay na mabuti ang kasalukuyang sandali. Babalik Siya habang tayo ay nagtatrabaho, abala sa ating pang-araw-araw na gawain, mga sandaling kadalasan ay nalilimutan natin ang Diyos sapagkat labis tayong nag-aalala sa kinabukasan.

**“Kaya’t magbantay kayo, sapagkat hindi ninyo alam kung anong araw paririto ang inyong Panginoon.”**

Magbantay. Isa itong paanyaya na panatilihing bukas ang mga mata, kilalanin ang mga palatandaan ng presensya ng Diyos sa kasaysayan at sa ating pang-araw araw na buhay. Tulungan natin ang mga nasa kadiliman na matagpuan nila ang landas ng buhay.

Dahil hindi tiyak ang araw ng pagbabalik ni Hesus, ang mga Kristiyano ay patuloy na umaasa. Ito ang nag-uudyok sa kanila na isabuhay na mabuti ang kasalukuyang sandali, magmahal ngayon at hindi bukas, magpatawad ngayon at hindi mamaya, baguhin ang buhay ngayon at hindi kung kailan lamang magkakaroon ng panahon.

Sa pagninilay sa mga Katagang ito, sumulat si Chiara Lubich: “Napansin mo ba na kalimitan ay hindi mo tunay naisinasabuhay ang iyong buhay, patuloy kang naghihintay sa mamaya at sa oras na maaaring may “magandang” mangyari? Sa katunayan, ang “maaaring magandang mangyari” ay tunay na darating subalit hindi ito ayon sa iyong inaasahan. May isang makalangit na pakiramdam na nag-uudyok sa iyo na maghintay sa kung sino o kung anong makapagpapaginhawa sa iyo. Maaaring iniisip mo ay isang espesyal na pagdiriwang, isang libreng oras o isang tanging pagtatagpo, subalit kapag nangyari na ang mga ito ay hindi ka pa rin ganap na nasisiyahan. Kaya’t patuloy ka sa

iyong walang-kabuluhang buhay sapagkat lagi ka na lamang naghihintay. Ang totoo ay sa napakaraming bagay na bumubuo ng iyong buhay, may isa na hindi mo kayang takasan: ang pakikipagtagpo mo sa Panginoong darating. Ito ang "magandang bagay" na maaaring hindi mo batid ngunit iyong pinakahahanap, sapagkat ikaw ay nilikha para sa kaligayahan. At tanging Diyos lamang ang makapagbibigay sa iyo ng ganap na kaligayahan." [1]

**"Kaya't magbantay kayo, sapagkat hindi ninyo alam kung anong araw paririto ang inyong Panginoon."**

Tiyak na darating ang Panginoong Hesus sa katapusan ng buhay ng bawat tao subalit maaari na natin Siyang matagpuan sa Banal na Eukaristiya na ipinagdiriwang at ibinabahagi,sa Kanyang Kataga na ating pinapakinggan at isinasabuhay, sa bawat kapwa na ating tinatanggap, sa Kanyang tinig sa ating konsensya.

Maging sa ngayon, maraming pagsubok ang hatid ng buhay at maaari tayong magtanong, "Kailan matatapos ang mga paghihirap na ito?"

Hindi tayo maaaring maghintay sa pagdating ng Panginoon nang walang pagkilos. Ang bawat sandali ay maaaring gamitin upang mapadali ang pagdating ng kaharian ng Diyos; ang plano Niya para sa lahat na maging isang pamilya. Ang bawat kilos ng pagmamahal, bawat kabutihan, bawat ngiti nating ibinibigay ay makakapagpanibago ng ating buhay tungo sa isang patuloy at mabungang paghihintay.

Si Paco ay isang pari sa isang ospital sa Espanya. Marami siyang nakakatagpong mga may edad na pasyenteng may malubhang karamdaman.Ito ang kanyang kwento: "Kumatok ako sa silid ng isang matandang pasyente (madalas niyang binabatikos ang pananampalataya) at ako'y sandaling nag-alinlangan. Subalit nais kong magbigay-saksi sa pagmamahal ng Diyos kaya't pumasok akong taglay ang pinakamaganda kong ngiti at magalang siyang kinausap. Ipinaliwanag ko ang kagandahan ng mga Banal na Sakramento at tinanong kung nais niyang makatanggap nito. Mabilis siyang umoo. Ipinagdiwang namin ang sakramento ng Pagbabalik-loob, tumanggap siya ng Banal na Eukaristiya, at pinahiran ng langis para sa maysakit. Nanatili pa ako ng ilang sandali sa kanya. Payapa at tahimik siya nang umalis ako, at namangha ang anak niya."

Letizia Magri

Each month the Focolare offers a Scripture passage as a guide and inspiration for daily living.

Distributed in Japan by Focolare: www.focolare.org/en • www.focolare.org/japan
e-mail:tokyofocfem@gmail.com • Tokyo:03-3330-5619/03-5370-6424 • Nagasaki: 095-849-3812

[1]C. Lubich, *Parola di Vita*dicembre 1978, in *eadem*, *Parole di Vita*, a cura di Fabio Ciardi (Opere di Chiara Lubich 5, Città Nuova, Roma, 2017) p. 123.